# Halagap sa Toponomtidad: Dalumat sa Pagpapangalan ng Lugar sa Calatagan, Batangas

Isang Disertasyon na Iniharap sa
mga Propesor ng Dalubhasaan ng Malalayang Sining at Komunikasyon
Pamantasang De La Salle- Dasmariñas

Bilang Bahagi ng Pagtupad
Sa mga Kinakailangan Para sa Pagtatamo ng Digring
Doktor sa Pilosopiya sa Pag-aaral ng Wika
Medyor sa Filipino

THESSA A. HERNANDEZ
Mayo 2020

AKLATANG EMILIO AGUINALDO INFORMATION RESOURCE CENTER
ARCHIVES AND SPECIAL COLLECTIONS

# ABSTRAK

Tinangka ng pananaliksik na ito na madalumat ang identidad at kultura ng Calatagan, Batangas batay sa toponomiya ng dalawampu't dalawang (22) barangay. Nilayon ng mananaliksik na matukoy ang pinagmulan ng toponomiya ng mga barangay, maikategorya ang natukoy na toponomiya ayon sa *toponymic typology* nina Tent at Blair (2011), at madalumat ang natatanging kultura at identidad ng Calatagan ayon sa taglay na toponomikong katangian. Salig sa ideolohiya sa kultura ni Clifford Geertz, binigyan ng malalim na pagsusuri ang mga umigpaw na identidad at kultura ng bayan.

Kinalap ang mga toponomiya gamit ang mga arkibong datos, talatanungan, at katutubong paraan ng pangangalap ng datos tulad ng pagtatanong-tanong at pakikipagkuwentuhan. Matapos ang pagsusuri sa mga datos, nakita ang padron ng pagpapangalan mula sa likas na yaman tulad ng puno at halaman, kuwentong bayan, pangalan, at kilos ng mga tao. Samantala, sa paglalapat ng teorya nina Tent at Blair (2011), naitampok ang mga topononomiya ayon sa kategorya ng pag-uugnay, palarawan, pangyayari, eponymous, at lingguwistikong inobasyon. Nagbigay ang mga kategorya ng mga karagdagang detalye na nagpalalim sa pagsusuri sa mga toponomiya.

Nadalumat ang identidad at kultura matapos ang tematikong paghihimay sa katangian ng mga toponomiya. Natuklasan ang mga identidad at kultura na nakapaloob sa toponomiya gaya ng: (1) may mataas na pagpapahalaga sa likas na yaman, (2) kolonisadong kamalayan, (3) mabuting pakikipagkapwa-tao, (4) magiliw na pagtanggap sa bisita, (5) masipag at mapamaraan, (6) malikhain, (7) may diwa ng pagkakaisa, at (8) may pagyakap sa kuwentong bayan. Malaki ang naging ambag ng mga natukoy na padron ng toponomiya sa pagbuo ng malalim na pag-unawa sa kultural na aspekto ng Calatagan. Ang pag-aaral na ito ang nagluwal ng teoryang Halagap sa Toponomtidad. Nabuo ito matapos ang banggaan sa disiplina ng toponomiya at ang mga salik na bahagi ng identidad at kultura ng isang indibidwal tulad ng wika, kultura, kasaysayan, at kapaligiran ng isang pook.

Susing salita: toponomiya, *toponymic typology*, Calatagan, wika, kultura, halagap sa toponomtidad

AKLATANG EMILIO AGUINALDO INFORMATION RESOURCE CENTER
ARCHIVES AND SPECIAL COLLECTIONS

## TALAAN NG NILALAMAN

PAMAGATNA PAHINA1
ABSTRAK2
DAHON NG PAGPAPATIBAY3
PAG-AALAY 4
PASASALAMAT 5
TALAAN NG NILALAMAN 7

**KABANATA 1:ANG SULIRANIN AT SANDIGAN NITO**

Panimula 12
Pagpapahayag ng Suliranin 54
Teoretikal/ Konseptuwal na Balangkas 55

**KABANATA 2:METODOLOHIYA**

Disenyo ng Pananaliksik 63
Kalahok sa Pag-aaral 64
Instrumento sa Pananaliksik 66
Pagkalap at Pamamaraan sa Pagkuha ng mga Datos 67
Pagsusuri ng mga Datos 68

**KABANATA 3:RESULTA AT DISKUSYON**

Toponomiya ng Calatagan, Batangas 71
Ang Apat na Poblacion: Klasipikasyong Urban 73
Ang mga Barangay sa Klasipikasyong Rural
83Kategorya ng Toponomiya Ayon kina Tent at Blair
137
Unang Antas: Porma 138
Ikalawang Antas: Proseso ng Pagpapangalan 139
Ikatlong Lebel: Motibasyon
145Identidad at Kultura ng Calatagueño Ayon sa Toponomikong
Katangian 153
May Mataas na Pagpapahalaga sa Likas na Yaman 155
Kolonisadong Kamalayan 158
Mabuting Pakikipagkapwa-tao 160
Magiliw na Pagtanggap sa Bisita 162
Masipag at Mapamaraan 163
May Diwa ng Pagkakaisa 165
Malikhain 167
Pagyakap sa Panitikang Oral 168
Kongklusyon 172

AKLATANG EMILIO AGUINALDO INFORMATION RESOURCE CENTER
ARCHIVES AND SPECIAL COLLECTIONS